Pangalan: Shadiq M. Etado Level 1 – Batch 2
Paksa ng Khutbah: Ang Puso
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
Petsa: Hulyo 7, 2024

**Unang Bahagi ng Khutbah:**

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلْ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْدُ:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ سورة آل عمران: 102
"O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim." (Surah Alo Imran: 102)

Mga alipin ni ALLAH, sadyang nakamamangha ang Tagapaglikha na sa bawat nilikha Niya ay mayroong magandang naidudulot para sa kanyang mga alipin, tulad na lang ng mga nakikita nating mga halaman at mga puno, na kung ating iisipin ay hindi natin lubos maisip kung gaano karami ang mga benepisyong dulot nito sa atin, sapagkat dito lang naman nanggagaling ang mga gulay at mga prutas na halos araw-araw nating kinakain at pinakikinabangan. Ngunit minsan ba ay naisip natin na paano nalang kung walang ugat na nakaugnay sa mga ito? Marahil ay batid natin na gaano man tayo magsikap na diligan ng tubig, paarawan, palaguin, at buhayin ang mga halaman at punong-kahoy, imposible itong mabuhay kung mawala o mamatay ang ugat na siyang nagsisilbing buhay nito.

Mga alipin ni ALLAH! May nilikha si ALLAH sa loob ng katawan ng isang tao na nagsisilbing ugat ng buong bahagi nito na bumubuhay sa kanya, at ito ang kanyang PUSO. Hangga't nananatili ang puso sa loob ng katawan ng isang tao ay magagawa nitong utusan ang bibig na magsalita, ang dalawang tainga na makinig, ang ilong na lumanghap at umamoy, ang mata na makakita, ang utak

na mag-isip, at gayundin ang paggamit sa magkabilang kamay at paa. At sa panahon na tumigil ang pagtibok ng puso ay mawawalan na ng pakinabang ang buong bahagi ng katawan nito.

Sa kabilang dako, ang puso ang siyang nag-uugnay sa alipin at sa kanyang Panginoon sapagkat ang pinakaunang tinitingnan ni Allah sa Kanyang alipin ay kung ano ang nasa loob ng kanyang puso. Sinabi ng Propeta (sallallahu 'alayhi wa sallam):

إِنَّ اللهَ تَعَالَى لَا يَنْظُرُ إِلَى صُوَرِكُمْ وَأَمْوَالِكُمْ ، وَلَكِنْ إِنَّمَا يَنْظُرُ إِلَى قُلُوبِكُم وَأَعْمَالِكُم.
(صحيح الجامع/1862)

"Katotohanang hindi titingnan ni ALLAH ang inyong mga hitsura at ang inyong mga ari-arian, ngunit titingnan Niya ang inyong mga puso at mga gawa." (Sahihul-Jami'/1862)

Siya rin ay nagsabi:

إِنَّمَا الأَعْمَالُ بِالنِّيَّاتِ. (رواه البخاري ومسلم)

"Tunay na ang mga gawa ay batay sa layunin." (Inulat nina Al-Bukhari at Muslim)

Malinaw sa dalawang Hadith na ito na ang nakapaloob sa puso ng tao ang siyang kondisyon kung tataggapin ba ni ALLAH ang ating mga gawa o hindi. Mga alipin ni ALLAH! Ang minimithi ng bawat isa ay mapalapit kay ALLAH, mahalin ni ALLAH, at tanggapin ni ALLAH ang kanyang mga mabubuting gawa. Kaya hindi batayan ang ating pera, kayamanan, karangyaan, at posisyon o kapangyarihan sa lipunan upang mahalin ni ALLAH at tanggapin ang ating mga mabubuting gawa sapagkat ang mga ito ay pawang pagsubok sa bawat isa sa atin. Subalit malalaman natin na mahal tayo ni ALLAH kung ang IMAN ay nasa ating puso. Sapagkat ang IMAN na ito ang magtutulak sa atin upang sundin ang mga kautusan ni ALLAH, ang IMAN ang magtutulak sa atin upang katakutan Siya, ang IMAN ang mag-uutos sa atin upang manalig sa Kanya. Kaya ang mga taong minamahal ni ALLAH ay yaong mga taong pinagkalooban Niya ng dalisay na puso na hindi nagtatambal ng anupaman sa Kanya, at dahil sa IMAN sila ay mamumuhay kaakibat ng gabay ng Nag-iisang Tagapaglikha.

Ngunit ang tanong mga kapatid, nasa puso ba ng bawat isa sa atin ang IMAN? Sapagkat kung ito ay napasa atin ay magiging totoo ang ating pananampalataya kay ALLAH, magiging bukal sa ating kalooban ang pagsunod sa Kanyang mga utos, magiging kalugod-lugod ang pagsamba natin sa Kanya sa hirap man o ginhawa, at tatanggapin natin ang anumang pagsubok sapagkat ang mga pagsubok na ito ang unang hakbang upang malugod Siya sa atin. Kung hindi ganyan ang mangyayari ay nangagahulugan lamang na hanggang ngayon ay gumagawa pa rin tayo ng mga labag sa Kanyang ipinag-uutos, o di-kaya ay patuloy pa rin tayo sa paggawa ng kasalanan, o baka naman hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa rin tayo handa na maging tunay na Muslim. Sa bawat kasalanan na ating ginawa, ang naaapektuhan nito ay ang ating mga puso na siyang nag-uugnay sa atin at kay ALLAH, sapagkat kapag nabahiran ng dumi ang puso sa mga kasalanang ito ay unti-unting maglalaho ang mga mabubuting gawa na ating pinagsikapan upang mapalapit kay ALLAH. Sinabi ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam),

إنَّ المؤمنَ إذا أذنب ذنبًا كانت نُكتةٌ سوداءُ في قلبِه ، فإن تاب ، ونزع ، واستغفر صقَل منها ، وإن زاد زادت حتَّى يُغلَّفَ بها قلبُه ، فذلك الرَّانُ الَّذي ذكر اللهُ في كتابِه: كَلَّا بَلْ رَانَ عَلَى قُلُوبِهِمْ. (الترغيب والترهيب، 4/120)

“Tunay na kapag ang isang Mu’min ay nakagawa ng kasalanan, magmamantsa sa kanyang puso ang isang maliit na itim na batik, kapag siya ay humingi ng kapatawaran at magbabalik loob ay maglalaho ang itim na iyon. Ngunit kapag ito ay kanyang dinagdagan ay madadagdagan ang mga itim na batik na iyon hanggang sa balutin nito ang kanyang puso. Ito ang “Ran” na binanggit ni ALLAH sa Kanyang Aklat: Abay hindi, bagkus nagmantsa ng bahid (ران) sa kanilang mga puso nang dahil sa kanilang nakalipas na pagkakasala.” (At-Targib wat-Tarhib, 4/120)

Ipinaliwanag ni HASAN AL-BASRI (rahimahullah) kung ano ang kahulugan ng salitang ران na iyon, ayon sa kanyang pagkakasabi: أَتَدْرُونَ مَا الرَّانَةُ؟ “Batid niyo ba kung ano ang salitang “Ranah”?” هُوَ الذَّنْبُ بَعْدَ ذَنْبٍ حَتَّى يَمُوتَ القَلْب “Siya ang paggawa ng kasalanan pagkatapos gumawa ng isa pang kasalanan na hahantong sa pagkamatay ng puso.”

At kapag namatay ang puso nang dahil sa mga kasalanan ay mahirap nitong mahagilap ang pagpapatawad ng ating Panginoon. Sumpa man kay

ALLAH! Kung tayo ay totoong magbabalik loob kay ALLAH, iiwan natin ang mga gawaing hindi kalugod-kalugod sa Kanya ay patatawarin Niya tayo sa anumang pagkakasala na ating nagawa. Kung tayo ay totoong magbabalik loob kay ALLAH, gagawin Niyang dalisay ang ating mga puso mula sa mga masasamang gawain na ito. At kung tayo ay magbabalik loob kay ALLAH, bubuksan Niya sa atin ang mga pinto ng paggawa ng kabutihan gayundin naman ang Kanyang mga biyaya. Kaya nararapat lamang na mula ngayon ay magsimula na tayong humingi ng kapatawaran sa Kanya upang sa gayon ay muli Niya tayong gabayan sa tuwid na landas.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

**Ikalawang Bahagi ng Khutbah:**

الحَمْدُ للهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Sinabi ng mahal na Propeta (sallallahu ’alayhi wa sallam):

أَلَا وَإِنَّ فِي الجَسَدِ مُضْغَةً إِذَا صَلَحَتْ صَلَحَ الجَسَدُ كُلُّهُ وَإِذَا فَسَدَتْ فَسَدَ الجَسَدُ كُلُّهُ أَلَا وَهِيَ القَلْبُ. (رواه البخاري ومسلم)

“Katotohanang sa loob ng katawan ay mayroong isang kimpal ng laman na kapag bumuti ay mapabubuti ang buong katawan, at kapag nasira ay masisira ang buong katawan; tunay na ito ang puso." (Inulat nina Al-Bukhari at Muslim)

Nawa’y ipagkaloob sa atin ni ALLAH ang dalisay na puso na may pagmamahal, pagkatakot, at pagsunod sa Kanyang mga kautusan. Ilayo nawa Niya tayo sa mga bagay at gawain na magdudulot ng Kanyang poot at pagkamuhi, at patnubayan Niya tayo sa landas na ating tinatahak sa pamamagitan ng pusong nag-aalab ng pagmamahal at pagsunod sa Nag-iisang Tagapaglikha. Ameen

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفُوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.
اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.
اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.
رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.
وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***